NATIONAL IMMIGRATION LAW CENTER

# Paano Mahahanap ang Isang Mahal sa Buhay Pagkatapos ng Pag-aresto ng Imigrasyon ng U.S.

Maaaring mahirap at nakakatakot hanapin ag isang taong mahalaga sa iyo pagkatapos siyang arestuhin para sa dahilang pang-imigrasyon. Pinipigilan ng pamahalaan ang mga tao sa maraming magkakaibang kulungan at bilangguan, kung minsan malayo sa kanilang pamilya at mga abogado. Ang gabay na ito ay tutulong sa iyo na maghanap ang taong kinuha ng mga opisyal ng imigrasyon at maaaring humarap sa deportasyon.

## Paano Ko Malalaman Kung Anong Ahensiya ng Pamahalaan ang Pumipigil aking Mahal sa Buhay?

Ang pamahalaan ay may magkakaibang opisina na humaharap sa imigrasyon. Kung ang isang taong mahalaga sa iyo ay inaresto at sa palagay mo ay isasailalim siya sa deportasyon, makakatulong na malaman kung aling opisina ng pamahalaan ang pumipigil sa kanya.

- **Immigration and Customs Enforcement (Pagpapatupad ng Imigrasyon ng Adawana) o ICE** ay ang bahagi ng pamahalaan na umaaresto at pumipigil sa mga tao kung inaresto sa loob ng United States para sa mga dahilang kaugnay ng imigrasyon. Ang ICE ay gumagamit ng maraming lugar upang pumigil sa mga tao, kabilang ang mga kulungan ng county, mga pribadong bilangguan, at ilang mga sentro ng detensiyon na pinatatakbo ng pamahalaan.
- **Customs and Border Protection (Proteksyon ng Adwana at Hangganan) o CBP,** ay ang bahagi ng pamahalaan na nagpapatigil at umaaresto sa mga taong malapit sa mga hangganan ng U.S. Ang mga taong pinipigilan ng CBP pagkatapos magtangkang tumawid sa hangganan ay madalas na dinadala sa pag-iingat ng ICE pagkaraan ng ilang araw pero maaaring gumugol ng panahon sa pag-iingat ng CBP.
- Ang **Bureau of Prisons (Kawanihan ng mga Bilangguan), o BOP,** ay ang bahagi ng pamahalaan na nagpapatakbo sa mga pederal  na bilangguan para sa mga taong kinasuhan o ipinasyang nagkasala ng paglabag sa mga pederal sa batas sa krimen. Kung ang isang tao ay kinasuhan ng isang pederal na krimen na may kaugnayan sa imigrasyon, tulad ng pagpasok o muling pagpasok sa U.S. nang walang permiso siya ay malamang na nasa isang bilangguan ng BOP. Ang ICE ay nagsimula rin ng paggamit ng ilang bilangguan ng BOP upang pigilin ang mga tao na may kasong deportasyon o naghihintay ng deportasyon, kahit na sila ay walang mga kasong krimen.
- **Mga Base Militar,** ang administrasyon ni Trump ay nagsimulang gumamit ng base militar na Guantanamo Bay sa Cuba upang pigilin ang mga imigrante at ang administrasyon ay nagsabi na gusto nilang magpalawak sa mga bagong base militar para sa panandaliang detensiyon.

NATIONAL IMMIGRATION LAW CENTER

# Paghahanap ng Isang Taong Nakadetine sa U.S.

Sundin ang mga hakbang na ito upang mapigurahan kung saan nakadetine ang iyong mahal sa buhay.

## 1. Magsimula sa Online ng Tagahanap ng Nakadetine

Maraming taong inaresto ng ICE na matatagpuan sa pamamagitan ng paggamit ng Online na Sistema ng Tagahanap ng Nakadetine ng ICE. Maaaring umabot ng higit sa isang araw para lumitaw ang pangalan ng isang tao sa sistema. Ang mga taong pinipigil ng CBP ay dapat ding makita doon pagkaraan ng 48 oras na pag-iingat. May dalawang paraan upang maghanap ng isang tao sa Tagahanap. Ang unang paraan ay sa pamamagitan ng paghahanap ng kanilang numero ng pagpaparehistro ng dayuhan, tinatawag ng "A number," at bansa kung saan ipinanganak. Ang "A number" ay nagsisimula sa letrang A at may 9 na numero. Matatagpuan mo ito sa mga papel mula sa imigrasyon, tulad ng mga paunawa ng korte o mga resibo para sa mga aplikasyon o nasa isang permisong magtrabaho. Maaari ka ring maghanap gamit ang pangalan ng tao at bansa kung saan ipinanganak.

***Babala:*** Ang tagahanap ay maaaring makahanap ng mga tao kung ilalagay ang kanilang pangalan sa eksaktong paraan na ito ay ipinasok ng manggagawa ng pamahalaan. Maaaring kailanganin mong sumubok ng ibang mga bersiyon ng kanilang pangalan. Kung ang isang manggagawa ng pamahalaan ay nakagawa ng pagkaamali nang i-type ang pangalan o napaghalo ang una at huling pangalan, maaaring mas mahirap hanapin ang tao.

***Mga Eksepsyon***:

- Ang mga batang wala pang 18 na inaresto sa loob ng U.S. ay hindi nakikita sa sistema ng online na tagahanap. Kung ang isang bata ay inarestong kasama ng kanyang (mga) magulang sa U.S., sila ay maaaring pigilin nang magkasama sa sentro ng detensiyon ng pamilya. Ang mga nasa hustong gulang na pinipigil sa mga sentro ng detensiyon ng pamilya ay dapat makita sa sistema ng online na tagahanap, pero hindi ang kanilang mga anak. Karaniwan para sa ICE na idetine ang isang lalaking magulang/guardian sa isang nakahiwalay na pasilidad mula sa kanilang pamilya.
- Kung ang isang menor na imigrante ay inaresto ng pulis at saka inilipat sa ICE, siya ay maaaring hindi lumitaw sa tagahanap. May hindi bababa sa isang kulungang pangkabataan kung saan ang mga menor ay maaaring ipadala.
- Kung ang taong inaresto ay may isang kaso sa imigrasyon na batay sa pagiging isang biktima tulad ng isang T o U visa, karaniwang hindi nakikita ang mga ito sa sistema ng tagahanap.

***Payo***: *Kumuha ng screenshot o larawan ng anumang impormasyon na matatagpuan mo kang naghahanap ka. Ang impormasyong ito ay maaaring makatulong sa bandang huli, lalo na kung ang tao ay ilipat sa ibang lugar. Maganda ring ideya na magpanatili ng takdang-panahon ng nangyayari pagkatapos arestuhin ang tao. Ito ay makakatulong sa huli sa pagsisikap na palabasain sila.*

## 2. Kasunod, Subukang Kontakin ang Field Office ng ICE

Kung hindi ka makakuha ng mga resulta mula sa sistema ng tagahanap, subukang tumawag o mag-email sa iyong lokal na Field Office ng ICE. Ang opisinang ito ay tinatawag ding opisina ng Enforcement and Removal Operations, (Mga Pagpapatakbo sa Pagpapatupad at Pagtanggal) o "ERO" ng ICE. Ang tagahanap ay maaaring magsabi sa iyo na gawin ito at bigyan ka ng numero ng telepono. Mahahanap mo ang numero ng telepono at email para sa bawat opisina, dito.

***Babala:*** Kapag tatawag ka o magpapadala ng email, huwag magbigay ng impormasyon na higit sa kailangan. Ibigay lamang ang kailangang A number o basikong impormasyon, tulad ng pangalan at bansa kung saan ipinanganak, na gagamitin sa online na tagahanap.

***Payo #1***: Ang mga Field Office ng ICE ay maaaring hindi sumagot sa telepono. Maaaring kailanganin mong tumawag nang maraming beses bawat araw. Kung may sumagot sa telepono o sa pamamagitan ng email, itanong ang pangalan at impormasyon sa pagkontak para sa opisyal na namamahala sa kaso ng iyong mahal sa buhay. Ito ay magiging napakahalaga kung gusto mong tulungan sila na makalabas ng detensiyon.

***Payo #2:*** Ang ilang lugar ay may Community Relations Officer (Opisyal sa mga Relasyon sa Komunidad), o CRO, na maaaring makatulong sa iyo kung hindi sumasagot ang Field Office. Matatagpuan mo ang kanilang email sa pamamagitan ng pagpunta sa pangunahing pahinang ito sa ICE website at pagpili sa "Office of Partnership and Engagement drop-down menu sa ilalim ng "Office Type."

## 3. Kasunod, Subukang Tingnan ang Kawanihan ng mga Bilangguan

Noong 2025, sinimulang gamitin ng ICE ang mga bilangguan na pinatatakbo ng Bureau of Prisons (Kawanihan ng mga Bilangguan, BOP) upang pigilin ang taon para mga kaso sa imigrasyon. Ang mga taong pinamamalagi doon ay *dapat* makita sa sistema ng ICE ng tagahanap. Pero kung kung hindi sila makita, at ang pag-aresto ay nangyari sa malapit sa isang pasilidad ng BOP, subukang tawagan ang bilangguan para sa impormasyon. Makakakahanap ka ng isang listahan ng mga numero ng telepono online dito.

Ang pamahalaan ay nagtataas ng pagkakaso sa mga imigrante ng mga pederal na krimen na may kaugnayan sa migrasyon. Sa mga kasong ito, ang tao ay maaaring nasa isang bilangguan ng BOP at dapat magkaroon ng isang pederal na pampublikong tagadepensa (libreng abogado). Mahahanap mo sila gamitin ang online na sistema ng tagahanap ng bilanggo ng BOP dito.

## 4. Kasunod, Humingi ng tulong sa mga Konsulado

Lahat ng imigrante na nasa mga kulungan ng ICE ay may karapatang kontakin ang konsulado ng kanilang bansa (isang opisinang kumakatawan sa ibang bansa). Maaari mong subukang kontakin ang konsulado para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mahal sa buhay.

NATIONAL IMMIGRATION LAW CENTER

***Babala:*** Kung ang iyong mahal sa buhay ay humihingi ng asylum sa U.S. o naniniwala ka na natatakot siya sa kanyang pamahalaan, huwag tangkaing tawagan ang konsulado.

### 5. Kung Hindi Mo Pa Rin Sila Nakikita, Simulang Ekisan ang mga Lugar na Wala Sila

Kung wala kang makita sa paggamit ng online na mga sistema ng tagahanap, maaaring kailangan mo nang magsimulang tawagan ang bawat opisina ng ICE at mga lokal na kulungan. Ang ICE ay nagbabahagi ng isang listahan (bagaman ito ay hindi laging kumpleto) ng lahat ng lugar na ginagamit nila upang pigilin ang mga tao. Ang listahang ito ay nasa isang excel spreadsheet na inilalagay sa ilalim nitong pahina sa web, sa ilalim ng seksyon na tinatawag na "Detention Statistics." Makikita mo ang listahan ng mga pasilidad sa tab na nagsasabi ng "Facilities FY25," at saka paliitin ang iyong paghahanap sa pamamagitan ng pagtingin sa lahat ng kulungan sa iyong estado o katabing mga estado. Gayon din, ang isang grupong tinatawag na Freedom for Immigrants ay may isang nakakatulong na listahan ng mga sentro ng detensiyon ng ICE na may impormasyon tungkol sa kung paano kumonekta sa mga taong pinipigil doon, online dito. Kabilang sa kanila ang mga grupo na kung minsan ay bumibisita sa pasilidad.

***Payo #1:*** Bawat Field Office ng ICE ay namamahala ng partrikular na mga lugar ng bansa. Kung may inaresto sa isang estado na walang pasilidad ng detensiyon ng ICE, hanapin kung aling Field Office ang sumasaklaw sa estadong iyon. Ang ICE ay malamang na pumipigil sa tao sa isa sa ibang mga estado na saklaw ng Field Office na iyon. Halimbawa, ang Atlanta Field Office ay sumasaklaw sa Georgia, North Carolina, at South Carolina.

***Payo #2***: Ang ICE ay gumagamit lamang ng mga partikular na kulungan upang idetine ang mga babae. Kung naghahanap ka ng isang babae na mahal sa buhay, maaari mong gamitin ang excel sheet ng ICE upang ekisan ang mga kulungan na hindi pumipigil sa mga babae.


## Paano Kung Ikaw ay Nag-aalala Na Ipinadala ng Pamahalaan Ang Iyong Mahal Sa Buhay Sa Ibang Bansa?

Sa ilalim ni Presidente Trump, ang ICE ay umaresto sa mga tao at ipinadala ang mga ito sa mga base militar at kulungan sa ibang mga bansa, tulad ng Guantanamo Bay sa Cuba at isang bilangguan na tinatawag na "*Centro de Confinamiento del Terrorismo*," o CECOT, sa El Salvador. Ang bilangguang CECOT ay may kakila-kilabot na mga kondisyon, at ang U.S. ay nagsasabi na wala itong awtoridad na maglabas ng isang tao sa sandaling makulong doon.

### Guantanamo Bay Military

Kung minsan, ang isang taong ipinadadala sa Guantanamo Bay ay makikita pa rin sa Online na Tagahanap ng Nakadetine. Narito ang dalawang halimbawa ng maaaring maging anyo nila sa Tagahanap:




Ang ICE ay may isang pahina sa web para sa dalawang lugar sa baseng pandagat kung saan ang mga tao ay pinipigil, tinatawag na"JTF Camp 6" at ang Sentro ng mga Pagpapatakbo ng Migrante. Ang pahina ay nagsasabi na tawagan ang the Field Office ng Miami para sa karagdagang impormasyon.

### Bilangguang CECOT sa El Salvador

Ang pamahalaan ng U.S. ay nagpadala ng ilang flight ng nakadetineng mga imigranteng Venezuelan at Salvadoran sa bilangguang CECOT. Hindi ibinahagi ng ICE sa publiko kung sinu-sino ang ipinadala nila sa CECOT. Ang ilang listahan ay mula sa mga ulat ng balita at mga rekord ng korte. Ang isang di-nagtutubong tinatawag na "Together and Free" ay nagtatag ng WhatsApp line kung saan ang mga pamilya ay maaaring mag-ulat kung iniisip nila na ang kanilang mahal sa buhay ay maaaring nasa CECOT.

## Ano ang dapat gawin kapag natagpuan mo ang iyong mahal sa buhay:

- Kung sa palagay mo ay pinipigil siya sa Guantanamo Bay, tawagan ang ABA Hotline upang ipagbigay-alam sa kanila na ang iyong mahal sa buhay ay naroon. Ito ay maaaring makatulong sa ABA na makapagbigay sa kanya ng ilang limitadong legal na tulong. *Mangyaring* tumawag lamang sa hotline kung nakumpirma mo na sa Guantamo Bay dinala ang iyong mahal sa buhay. Ang hotline ay ***hindi*** para sa mga taong naghahanap ng kanilang mga mahal sa buhay. Ang numero ay 1-855-641-6081.
- Ang pamahalaan ay hindi magbibigay sa iyong mahal sa buhay ng isang libreng abogado para sa kanilang kaso sa imigrasyon. Maaaring magawa mong tulungan ang iyong mahal sa buhay na makahanap ng isang abogado sa imigrasyon gamit ang mga link na ito:
    - Ang online na direktoryo ng mga pribadong abogado ng American Immigration Lawyers Association ay narito: ailalawyer.com/.
    - Ang American Bar Association ay may listahan ng mga grupo ng mga abogado sa buong bansa. Maaari kang maghanap sa bawat grupo ng estado para sa mga abogado na humahawak ng mga kaso sa imigrasyon:

https://www.americanbar.org/groups/legal_services/flh-home/flh-bar-directories-and-lawyer-finders/.
    - Ang direktoryo ng Immigration Advocates Network at Pro Bono Net ay naglilista ng mga libre at murang abagado: immi.org/en/Info/FindLegalHelp.
- Kung ang iyong mahal sa buhay ay nasa pag-iingat ng ICE, maaaring hingin na palayain siya “on recognizance” (sa kanyang sariling kagustuhan) o sa “piyansa” o “parol.” Maaari mong matulungan siya upang subukang mapalabas sa pamamagitan ng pagkuha ng katunayan ng kanyang koneksyon sa komunidad na tulad ng paaralan, trabaho, o mga rekord ng boluntaryo, o pagsulat ng mga liham ng suporta o pagkuha ng mga liham ng suporta mula sa ibang mga miyembro ng komunidad.
- Tiyakin na alam ng iyong mahal sa buhay ang kanyang mga karapatan. Kung ang iyong mahal sa buhay ay natatakot bumalik sa kanyang sariling bansa, dapat niyang sabihin ito nang malakas at malinaw sa bawat ahente ng imigrasyon na makita niya. Kung siya ay nanirahan na sa U.S. nang hindi bababa sa 2 taon, dapat niyang sabihin sa isang opisyal at ipakita sa kanya ang katunayan. Kung siya ay nag-aplay para sa katayuan o umaapela sa isang desisyon ng imigrasyon, dapat niyang sabihin sa isang opisyal at ipakita ang katunayan ng kayilang aplikasyon o apela. Hindi siya dapat pumirma sa anumang mga dokumento nang hindi muna nakipag-usap sa isang abogado o humiling na ito ay basahin sa kanyang sariling wika, lalo na ang mga dokumentong nagsasabi ng “waiver,” “stipulated removal order,” o “voluntary departure agreement.”
- Matuto pa dito: Alamin ang Iyong mga Karapatan: Ang Dapat Gawin kung ikaw ay inaresto ng o Idinetine ng Imigrasyon.

**Huling isinapanahon: Abril 17, 2025**